

THE NAVIGATOR

TEAMWORK

Pamamahala sa Pinagkukuhanan ng Tulong at Impormasyon sa Bridge

- 1 Tao lamang**
Nagkakamali ang mga indibiduwal. Sa pamamagitan ng teamwork at mabisang paggamit ng mga pinagkukuhanan ng impormasyon at tulong, ang mga pagkakamaling ito ay maaaring matutunan, sa halip na ituring na disgrasya.
- 2 Kalakasan o kahinaan?**
Ang BRM ay isang mahalagang mekanismo ng depensa laban sa 'kamalian ng iisang tao'. Maaaring maging pinakamatinding kalakasan ito ng sasakyang pandagat - o ang pinakamahirang parte nito.
- 3 Pagtatrabaho sa parehong panig**
Ang Master ay isang mahalagang bahagi ng pangkat ng bridge, pero may mas malaking tungkulin na dapat gampanan para mapabilis ang mabisang BRM at hamon at pagtugon.
- 4 Walang letrang 'I' sa 'TEAM'**
Sa parehong pagsasanay at habang nagtatrabaho, mahalagang isali ang lahat ng mga miyembro ng pangkat. 'Sabihin ninyo sa akin at aking kakalimutan, ipakita sa akin at maari kong matandaan ito, ngunit isali ako at mauunawaan ko ito'.
- 5 Malugod na pakikipag-usap**
Ang mga talakayan kasama ng pangkat ay mahalaga upang matuto at mapahusay ang BRM. Ang mga ulat ng aksidente at 'near miss' (muntikan maaksidente) ay napakahusay na mga materyal para masimulan ang isang talakayan.
- 6 Plano ng Pilota**
Ang mabuting mga plano sa pagdadaan ay mahalaga para tiyakin sa pangkat ng bridge, kasama na ang pilota, na pagtuunan ng pansin, magkaroon ng iisang pag-uunawa at sama-samang mabantayan ang paglalayag.
- 7 Mabubuting desisyon**
Ang paggamita sa mabisang paraan ng information technology, at ang pagtitiyak ng mabuting teamwork gamit ang mga kagamitan, ay makakatulong sa mabuting pagdedesisyon at makaiwas sa mga pagkakamali.
- 8 Screen time**
Ang nabigante ay dapat na mahiwalay ang mga mahahalagang impormasyon, gumamit ng makalumang sentido kumon, at matandaan ang pinakamahalagang screen sakay ng barko - ang bintana!
- 9 Mahalaga ang mga pag-audit**
Ang mabisa at regular na pag-audit sa nabigasyon habang dumadaan ay mahalaga para masigurado na ang natutunan sa pampang ay nagagamit habang sakay sa barko.
- 10 Hindi kailanman natatapos**
Ang BRM ay hindi kailanman 'nagwawakas'. Dapat ay bahagi ito ng patuloy na proseso na pinapalakas ng paggagabay at pagtuturo, bukas na talakayan at pagpapaliwanag sa katapusan ng paglalayag.



Read all issues of *The Navigator* for free
www.nautinst.org/thenavigator



in association with



STEAMSHIP MUTUAL